British Columbia's
Office of the Human Rights Commissioner

# From hate to hope (mula sa kapootan patungo sa pagkakaroon ng pag-asa):

# Isang colouring book ng komunidad

**Cover illustration ni Paige Jung**
mula sa "From Hate to Hope" na report



# Ang Office of the Human Rights Commissioner ng BC ay nangangako sa pagtiyak ng pagiging patas at ng kabaitan para sa lahat. Naniniwala kami na ang bawat tao, anuman ang kanilang pinagmulan, ay nararapat na igalang at pahalagahan.

**Isang mahalagang bagay na ginagawa ng aming Office ay ang tinatawag na inquiry. Ang isang inquiry ay kapag nakikinig kami sa mga kuwento ng mga tao tungkol sa kanilang mga karanasan at nagmumungkahi kami ng mga paraan kung paano magagawang higit na patas ang mga bagay para sa lahat. Ang aming unang inquiry report na "From Hate to Hope" ay maraming naituro sa amin tungkol sa kung paanong tinatrato nang masama ang ilang mga tao dahil sa kanilang identidad (tulad ng kung ano ang itsura nila o kung saan sila nanggaling).**

Pagkatapos na mailathala ang aming report, nakipagtulungan kami sa mga artist at mga komunidad upang lumikha ng mga mural sa Fort St. John, Nanaimo, Keremeos, at Vancouver. Ang bawat isa sa mga mural ay kumakatawan sa mga pag-uusap ng bawat grupo tungkol sa kanilang mga karanasan sa poot, sa kanilang pag-asa para sa hinaharap, at sa kahalagahan ng komunidad.

Ang colouring book na ito ay nagtatampok ng sining mula sa From Hate to Hope na report at mula sa mga mural sa bawat lokasyon. Nakakatulong ang sining na mapabuti ang maraming bagay sa lipunan. Ito ay magagawa nito sa maraming paraan. Ang isang paraan ay ang pagpapakita sa mga tao ng kung ano ang hindi patas sa mundo. Ang sining ay makakatulong din sa mga tao na mas maunawaan ang isa't-isa. Kapag tayo ay nakakita ng isang larawan o isang dula tungkol sa buhay ng isang tao, maaaring maisip natin kung paano kaya kung tayo ay tulad nila. Makakatulong ito sa atin na higit na magmalasakit tungkol sa kanilang mga problema at gustuhing ayusin ang mga ito. Ang sining ay maaari ring maging isang paraan kung paano manindigan ang mga tao para sa kung ano ang tama at makaramdam na tayong lahat ay kasali, halimbawa, kapag nakikita natin ang ating sarili sa isang painting.


Ang pagiging kasali ay matatagpuan sa ating mga aklatan, sa ating mga community centre, at pati na sa ating mga mesa sa kusina. Ang aming From Hate to Hope inquiry report ay binigyang-buhay sa pamamagitan ng mga mural sa mga espasyong pampubliko —at nilikha namin ang mga mural na ito dahil alam namin na ang public art ay isang paraan upang magsimula ng pag-uusap, pagmumuni-muni, at sa huli, ng pagbabago.

Umaasa kami na ang adults at mga bata ay kapwa gagamit sa aklat na ito, at na maituturing ng mga tagapag-alaga ang mga tanong sa dulo ng aklat na ito na kapaki-pakinabang sa pagsisimula ng pakikipag-usap sa mga kabataan na gumagamit ng aklat na ito.

Nagpapasalamat kami sa lahat ng nakilahok sa inquiry—sa mga nagsabi sa amin kung ano ang kanilang mga naging karanasan, sa mga nagbahagi ng gawaing ginagawa nila sa araw-araw sa mga komunidad, at sa knowledge holders (mga nagtataglay ng kaalaman), elders (mga nakakatanda), at mga tagapag-alaga na nagbigay ng suporta sa inquiry na ito.

**Sa mga Indigenous na tao o katutubo ng lugar na ito na ngayon ay tinatawag nating British Columbia: Ngayong araw na ito ay ibinabaling namin ang aming isipan sa inyo at sa inyong mga ninuno. Pinanatili ninyong malakas ang inyong mga unceded homeland. Nagpapasalamat kami na mamuhay at makapagtrabaho dito.**

British Columbia's
**Office of the Human Rights Commissioner**


NANAIMO
Lauren Semple at Lys Glassford
at mga kabataan mula sa IBPOC summer program ng RISEBRIDGE

“

# Ang public art ay maaaring makapagpaalala sa atin kung ano ang kapangyarihan ng komunidad.

– Kasari Govender
Human Rights Commissioner ng B.C.


MULA SA KAPOOTAN PATUNGO SA PAGKAKAROON NG PAG-ASA
Mga ilustrasyon ni Paige Jung
mula sa "From Hate to Hope" na report



FORT ST. JOHN

**Facundo Gastiazoro at Stephanie Anderson**


at ang Fort St. John Community Arts Council


MULA SA KAPOOTAN PATUNGO SA PAGKAKAROON NG PAG-ASA
**Mga ilustrasyon ni Paige Jung**
mula sa "From Hate to Hope" na report

"


Ito ang nagagawa ng sining. Pinagsasama-sama nito ang mga tao mula sa iba't ibang dako at pinapapag-isip ka nito tungkol sa mas malaking pananaw.

– Haley Regan
Keremeos, mural artist



KEREMEOS
Haley Regan
at mga kabataan mula sa SOICS One World Youth Crew


VANCOUVER
Paige Jung at
Malena Mokhovikova
at mga kabataan mula sa
Britannia




Gyro Bandshell
Every Child Matters
KEREMEOS
Haley Regan
at mga kabataan mula sa SOICS One World Youth Crew


VANCOUVER
Paige Jung at
Malena Mokhovikova
at mga kabataan mula sa
Britannia



NANAIMO

**Lauren Semple at Lys Glassford**

mula sa Humanity in Art at mga kabataan mula sa IBPOC summer program ng RISEBRIDGE

**Ang aming From Hate to Hope inquiry report ay binigyang-buhay sa pamamagitan ng mga mural sa mga espasyong pampubliko —at nilikha namin ang mga mural na ito dahil alam namin na ang public art ay isang paraan upang magsimula ng pag-uusap, pagmumuni-muni, at sa huli, ng pagbabago.**

**Inaanyayahan ka naming pag-isipan at ibahagi ang mga tanong na ito at ipagpatuloy ang pag-uusap.**

- Ano ang ibig sabihin ng patas na pagtrato? Ano ang pakiramdam ng hindi patas na pagtrato?
- Paano tayo makapagpapakita ng kabaitan sa iba?
- Ikaw at ang iyong pamilya ay bahagi ng aling mga komunidad?
- Paano matutulungan ng art (sining) na makaramdam ang mga tao na sila'y ligtas sa kanilang mga komunidad?
- Iguhit ang iyong sariling mural! Ano ang ibig sabihin ng From Hate to Hope para sa iyo?


## Maraming salamat kay

**Paige Jung (**Report art at Vancouver mural**), Malena Mokhovikova, Britannia Community Services Society, at sa mga kabataan mula sa Britannia Secondary School (**Vancouver mural**)**

**Haley Regan at mga Kabataan mula sa South Okanagan Immigrant and Community Services (SOICS) One World Youth Crew (**Keremeos mural**)**

**Lauren Semple at Lys Glassford mula sa Humanity in Art at sa mga kabataan mula sa IBPOC summer program ng RISEBRIDGE (**Nanaimo mural**)**

**Facundo Gastiazoro at Stephanie Anderson ng Raven-Tacuara Artist Collective at ng Fort St. John Community Arts Council (**Fort St. John mural**)**


Makakuha dito ng karagdagang impormasyon tungkol sa From Hate to Hope report:
**bchumanrights.ca/inquiry-into-hate**



Keremeos, BC



Fort St. John, BC



Vancouver, BC



Nanaimo, BC

## Mula sa kapootan patungo sa pagkakaroon ng pag-asa:

# Isang colouring book ng komunidad

Ang electronic format ng publikasyon na ito ay matatagpuan sa website ng Office of the Human Rights Commissioner ng British Columbia: **bchumanrights.ca/inquiry-into-hate**

Hinihikayat ng Office of the Human Rights Commissioner ng British Columbia (BCOHRC) ang pagbigay sa iba at ang pagpapalitan ng impormasyon na nasa publikasyong ito. Ang lahat ng materyales na nasa publikasyong ito ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution 4.0 International Licence maliban sa mga litrato at mga larawan, logo ng BCOHRC, anumang mga branding at trademark, nilalaman, o materyales na ibinigay ng mga pangatlong partido at kung saan iba ang ipinahiwatig. **Upang i-review ang lisensya, bisitahin ang: creativecommons.org/licenses/by/4.0/**

ISBN: **978-1-990626-08-1**

Hanapin kami sa social media sa **@humanrights4bc**

**© British Columbia's Office of the Human Rights Commissioner**

536 - 999 Canada Place Vancouver, BC V6C 3E1
**1-844-922-6472 | info@bchumanrights.ca**

British Columbia's
**Office of the Human Rights Commissioner**